

Alamin ang Iyong mga Karapatan

Sekswal na Panliligalig sa Lugar ng Trabaho

Alamin ang Iyong mga Karapatan

Naranasan mo na bang sekswal na maligalig sa lugar ng trabaho, kabilang na ang panliligalig ng iyong amo, katrabaho, tagapagkaloob ng serbisyo o parokyano? Nakakaramdam ka ba ng pagkabalisa dahil sa mga karatula o talakayan na kaugnay sa pagtatalik sa iyong lugar ng trabaho? Ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kasarian (SDO) ay pinoprotektahan ka mula sa sekswal na panliligalig at mula sa mga masalimuot na kapaligiran.

Nangyari na ba sa iyo ang alinman sa mga bagay na ito sa lugar ng trabaho?

- May nagsabi ng bagay na nagpapahiwatig ng kalibugan tungkol sa iyong kaanyuan na hindi
- kanais-nais at nakakapanindak sa iyo.
- May humipo sa iyo sa sekswal na paraan kahit na hindi mo ito gusto.
- May gumawa sa iyo ng inaayawang kilos na nagpapahiwatig ng kalibugan.
- May gumawa ng sekswal na biro o nagsabi ng mga bagay na sekswal sa iyo o sa paligid mo na hindi mo gusto.
- May nagpakita sa iyo o naglagay ng mga malalaswang larawan na nagpapahiya sa iyo sa trabaho.
- May sekswal na nanligalig sa iyo habang ikaw ay nagbibigay ng mga kalakal, mga kagamitan o serbisyo sa naturang tao.

Hindi ka nag-iisa. Bawat taon, maraming tao ang nakakaranas ng sekswal na panliligalig. Ito ay hindi lamang nakakahiya at nakakabalisa. Ito ay labag sa batas.

Protektado ka ng Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kasarian

Ikaw ay protektado laban sa sekswal na panliligalig sa pamamagitan ng Ordinansa sa Diskriminasyon ng Kasarian. Ang sekswal na panliligalig ay isang sibil na pagkakasala sa ilalim ng batas. Ayon sa batas, ang sekswal na panliligalig ay ang inaayawang sekswal na atensyon. Kasama dito ang paghipo sa iyo, pagsabi ng mga salitang sekswal sa iyo, at paghingi ng pakikipagtalik. Ang sekswal na panliligalig ay kung ikaw ay nakadama ng takot sa kapaligirang sa sekswal na paraan ay masalimuot. Ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kasarian ay nagbibigay proteksyon laban sa sekswal na panliligalig sa parehong sector ng pagtatrabaho at pang-edukasyon, at laban sa panliligalig ng mga parokyano sa mga kalakal, mga kagamitan o mga tagapagkaloob ng serbisyo, o vice versa.

Ikaw ay protektado kahit na:

- walang sinumang nakakita sa pangyayari.
- hindi ka nawalan ng trabaho.
- Kung ang nanligalig ay hindi ang iyong amo, ngunit isang kapwa-manggagawa, tagapagkaloob ng serbisyo o isang parokyano.
- Kung paminsan-minsan kang nakisama at sumuko sa sekswal na gawain – ngunit hindi mo ito ninais.
- Kung isang beses lamang itong nangyari.
- Kapag ikaw ay nagbibigay o naghahangad na magbigay ng mga kalakal, mga kagamitan o serbisyo sa isang lokal na nakatalang barko o sasakyang panghimpapawid sa labas ng Hong Kong

Ano ang Magagawa Mo kapag Sekswal Kang Ginipit?

1. Sabihing “HINDI”.

Sabihin sa nanliligalig na tumigil. Sabihin sa nanliligalig na hindi mo nais ang sekswal na atensyon. Kung muli itong mangyari, magpadala ng liham sa nanliligalig na tumigil, at magtabi ng sarili mong kopya.

2. Isulat kung ano ang nangyari.

Itala ang petsa, oras at lugar. Isama kung ano ang sinabi sa iyo ng tao. Kung ikaw ay hinipuan, isulat kung saan ka nahipuan at kung sino ang nandoon. Magtabi ng kopya ng mga talaang ito sa bahay. May pakinabang ang mga ito kung ikaw ang nagpasya na maghain ng reklamo laban sa nanliligalig/organisasyon o gumawa ng legal na hakbang

3. Kumuha ng suporta mula sa mga kaibigan, kapamilya, at katrabaho.

Ang ilang mga tao ay nalulumbay o nagkakaroon ng ulser, sakit ng ulo o pagduduwal dahil sa panliligalig. Ingatan ang iyong sarili. Kung ikaw ay natatakot na maaari kang mawalan ng trabaho, subukang alamin kung ang iba pang mga kasamahan ay mayroong parehong suliranin sa kumpanya. Makiisa sa kanila upang subukang matugunan ang problema.

4. Makipag-usap sa iyong kinatawan ng unyon kung ikaw ay pinangangatawanan ng isang unyon.

5. Kumuha ng suporta sa isang NGO o iba pang kaugnay na mga organisasyon.

6. Makipag-usap sa iyong tagapag-empleyo.

Ang iyong tagapag-empleyo ay dapat magkaroon ng isang nakasulat na patakaran laban sa sekswal na panliligalig at pamamaraan para sa paghain ng reklamo. Suriin ang iyong aklat-gabay o makipag-usap sa departamento ng tauhan. Kapag ang nanliligalig ay isang parokyano, kaagad ipaalam sa iyong tagapamahala o tagapag-empleyo upang magawan ng makatwirang aksyon.

7. Magtabi ng talaan ng iyong akda.

Magtabi ng mga kopya sa bahay ng iyong pagsusuri sa trabaho at anumang mga liham o sulat-paalala na nagpapakita na gumagawa ka ng isang mabuting trabaho. Maaring kuwestiyonin ng nanliligalig ang iyong pagganap sa trabaho upang ipagtanggol ang pag-uugali.

8. Maghain ng reklamo sa Komisyon para sa Pantay na Oportunidad.

Ang EOC ay narito upang tulungan ka. Maaari kang humanap ng pagwawasto mula sa EOC.

9. Higit pang alamin ang tungkol sa iyong legal na mga karapatan.

Maaari kang makipag-usap sa isang abogado o magsampa ng kaso sa Hukumang Pandistrito.

Maaari mong Pigilan ang Sekswal na Panliligalig

Maraming tao ang nakipaglaban sa diskriminasyon at napabuti ang kanilang buhay-trabaho. Ang unang hakbang ay alamin ang iyong mga karapatan sa ilalim ng batas. Maaari Mong:

- Magsampa ng kaso sa Hukumang Pandistrito.
- Maghain ng reklamo sa EOC at lutasin ang problema sa pamamagitan ng pagkakasundo. Ang mga tuntunin ng kasunduan ay maaaring kabilang ang; pangako na itigil ang pag-uugali o mga gawain; liham sa paghingi ng tawad; pangako mula sa kumpanya na magtatag ng patakaran laban sa sekswal na panliligalig; pagkakaloob ng pagsasanay; o kabayaranang salapi.
- Mag-aplay ng legal na tulong mula sa EOC kung ang pagkakasundo ay hindi matagumpay.

Bisitahin ang website ng EOC para sa higit pang impormasyon at sumali sa aming nakatakdang mga pagtatalakay, o hilingin sa iyong kumpanya na anyayahan ang EOC upang magbigay ng pagtatalakay sa mga kawani.

Saan Makakuha ng Tulong?

Ang Komisyon para sa Pantay na Oportunidad ay nariyan upang tulungan ka. Bisitahin ang website ng EOC sa www.eoc.org.hk para sa mga kapamaraan laban sa sekswal na panliligalig at mga kagamitang pang edukasyon sa mga batas ukol sa diskriminasyon tulad ng “Ang DDO at ako”, “Ang SDO at ako”, “Ang FSDO at ako” at “Ang RDO at ako”. Mayroon din isang serye ng “Alamin ang Iyong mga Karapatan” sa Sekswal na Panliligalig, Diskriminasyon sa Pagbubuntis, at iba pang mga saklaw.

Address: 16/F., 41 Heung Yip Road,
Wong Chuk Hang, Hong Kong

Tel: 2511 8211 Fax: 2877 7600

Email: eoc@eoc.org.hk

Serbisyong Katanungan sa SMS: 6972566616538 (Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig / kahirapan sa pagsasalita)